# Kakaiba si Kara



**Mga Letra: a, b, d, e, g, h, i, k, l, m, n, ng, o, p, r, s, t, u, w, y ( - )**

Isinulat ni Rochelle B. De Vera
Iginuhit ni Anele E. Abanto
Sinuri nina Esperanza A. Badong, Annie M. Dado, Jillianne C. Elnar, Cheryl E. Lique, Leonisa N. Ramos, at Genny P. Solares




Isang araw, nagkakatuwaan ang klase ni Binibining Karen Santos. Malakas ang tawanan ng mga bata.



Natigilan sila nang may napansing sumisilip sa may pintuan. Isang batang babae ang nakatayo doon. Kulot ang buhok at kulay itim ang balat niya.



Nilapitan siya ni Binibining Karen. Niyaya niya ito na pumasok sa loob ng silid-aralan.



“Magandang araw, ako po si Kara,” pagpapakilala niya. “Kabilang po ako sa Tribong Manide,” dagdag pa niya.



Nagulat at nagtaka ang klase sa sinabi ni Kara.

“Ano po ang kahulugan ng Manide?” tanong ni Ken.




“Tribo ito ng ilang taong naninirahan sa Hilagang Kamarines. Manide ang tawag sa salita nila,” paliwanag ng guro.



“Kulot ang buhok at maitim ang balat nila,” paglalarawan ng guro.



“Mayroon palang tribo sa
Hilagang Kamarines!”
sabi ni Karla.
“Oo at kabilang si Kara sa tribo
na iyon,” sagot ng guro.



Masayang tinanggap ng mga kaklase si Kara. Nagpasalamat siya kay Binibining Santos.



Kinabukasan, masayang-masaya si Kara. Naging kaibigan niya ang kaniyang mga kaklase.

## Mga Tanong at Gawain

1. Ano ang tawag sa tribong kinabibilangan ni Kara?
2. Ano ang katangian ni Kara na dapat nating tularan?
3. Kung isa ka sa mga kaklase ni Kara, ano ang gagawin mo upang siya ay maging kaibigan?
4. Paano mo maipakikita ang paggalang sa mga taong kabilang sa mga katutubong tribo o ibang lahi?